# Programang Suporta sa Microgrant ng Negosyo ng EBRC

March 4, 2026



Valley Transportation Authority

Submitted by:
**Eastridge to BART Regional Connector**

# Proseso ng Paghahabol at Pagiging Karapat-dapat sa Programang Suporta sa Microgrant na Negosyo ng EBRC

## Mga Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat:

### Tier 1A - $5000 Microgrant

- Dapat pormal na mag-apply sa programa ang Negosyo sa pamamagitan ng pag-apply sa lalong madaling panahon ngunit hindi lalampas sa Marso 31, 2027.
- Dapat na may isang negosyo na matatagpuan sa loob ng 100’ ng mabigat na konstruksyon.
    - Kahulugan ng Mabigat na Konstruksyon: Pagpapalapad ng kalsada, pile driving, at paglalagay o pagtatanggal ng falsework.
        - Hindi matuturing na mabigat na konstruksyon ang trapiko o ingay.
        - Hindi maituturing na mabigat na konstruksyon ang mga pagsasara ng driveway o bangketa na walang pang dalawang linggo ang itatagal.
        - Hindi kuwalipikado bilang malakihang konstruksyon ang mga pagsasara ng linya, trapiko, o mga detour ng mga naglalakad na direktang nakakaapekto sa pag-access sa negosyo na wala pang dalawang linggo ang itatagal.
- Dapat na may di-kukulangin sa 35 empleyado ang Negosyo upang maging karapat-dapat.
- Ang taunang kita ay hindi dapat lumampas sa $2.5 milyon
- Dapat na pinatatakbo na ang mga negosyo nang di-kukulangin sa 12 buwan bago ang Setyembre 2024 nang pasimulan ang mabigat na konstruksyon.
- Dapat na may aktibong lisensya ang negosyo na naka-file sa Lungsod ng San Jose. Kinakailangan ito upang makapagbigay ng beripikasyon ng operasyon bago at habang ginagawa ang konstruksyon.

### Tier 1B - $3500 Microgrant

- Dapat pormal na mag-apply sa programa ang Negosyo sa pamamagitan ng pag-apply sa lalong madaling panahon ngunit hindi lalampas sa Marso 31, 2027.
- Katulad na kondisyon ng Tier 1A, maliban sa: Ang negosyo ay maaaring matatagpuan sa labas ng 100’, ngunit sa loob ng 1,200’ talampakan ng mabigat na konstruksyon gaya ng binigyang-kahulugan sa Tier 1A.

### Tier 2 - Hanggang $50,000

- Dapat pormal na mag-apply sa programa ang Negosyo sa pamamagitan ng pag-apply nang hindi lalampas sa Marso 31, 2027.
- Katulad na kondisyon ng Tier 1A, *at*
    - Magbigay ng ISA sa sumusunod upang maberipika ang mga pagkalugi ng negosyo:
        - Income Tax Returns para sa isang taon bago ang konstruksyon at anumang taon ng paghahabol ng pagkalugi
        - Pagpa-file ng Sales tax para sa isang taon bago ang konstruksyon at anumang taon ng paghahabol ng pagkalugi
    - Tuloy-tuloy na operasyon sa panahon ng konstruksyon na naganap sa pagitan ng buwan ng Setyembre 2024 hanggang Setyembre 2026
    - Federal at State Withholding Exemption Certificates--W-9 at 590

    Pansinin: Ang Form ng Aplikasyon, Deklarasyon ng Form ng Pagiging Karapat-dapat, at mga Withholding Exemption Certificate ay available sa hard copy kapag hiniling sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 321-7575 o sa pamamagitan ng pagbisita sa visitando *www.vta.org/eastridgetobart*.

## Proseso sa Pagsusumite ng Aplikasyon ng Microgrant:

1. Dapat magsumite ang mga aplikante ng mga sumusunod na dokumento sa lalong madaling panahon ngunit hindi lalampas sa **Marso 31, 2027**.

- Lubusang nakumpletong Form ng Aplikasyon sa Microgrant Assistance
- Kopya ng kasalukuyan o naaangkop na Lisensya ng Negosyo sa Lungsod ng San Jose
- **Para sa Tier 2:** Patunay ng pagiging karapat-dapat ng EBRC Business Microgrant (gaya ng tinukoy sa itaas)- **at magbigay ng alinman sa isa sa mga sumusunod:**
    - Dalawang taong Income Tax Returns upang beripikahin ang pagkalugi
    - Mga pagpa-file ng buwis sa benta
- Tuloy-tuloy na operasyon sa panahon ng konstruksyon na naganap sa pagitan ng buwan ng Setyembre 2024 hanggang Setyembre 2026
- Federal at State Withholding Exemption Certificates--W-9 at 590

Pansinin: Ang Form ng Aplikasyon, Deklarasyon ng Form ng Pagiging Karapat-dapat, at mga Withholding Exemption Certificate ay available sa hard copy kapag hiniling sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 321-7575 o sa pamamagitan ng pagbisita sa *www.vta.org/eastridgetobart*.

2. Sa oras na matanggap na ang nakumpletong aplikasyon at natanggap na sa koreo, email, o inihatid sa VTA ang sumusuportang dokumento, ipapasa na ito sa Risk Management Team ng VTA para sa pagpapatunay ng epekto sa pinansyal at ibibigay sa ikatlong-partidong administrador para sa pagrepaso. Susuriin ng pagrepasong ito ang epekto ng mga kalagayang iniharap ng aplikante, kabilang na ang karagdagang pagrepaso kung angkop. Maaaring humiling ang VTA ng karagdagang sumusuportang dokumento kung kinakailangan.

3. Batay sa pagsusuri, maaaring aprubahan ng VTA ang pinansyal na tulong na microgrant na nagkakahalaga sa pagitan ng $3,500 at $50,000 (para sa pinakamalubhang mga epektong nauugnay sa konstruksyon). Para sa mga aplikante na nag-enter kapwa sa prosesong Tier **1A** at Tier 2, ang Tier **1A** na pagbabayad ng halagang $5,000 ay ibabawas mula sa aprubadong Tier 2 na kabayarang pinansyal na tulong.

4. Para sa mga humihiling ng Tier 2 na tulong, kapag natapos na ang pagsusuri, ang mga aplikanteng hindi rin nakilahok sa proseso ng Tier IA ay aabisuhan sa pamamagitan ng koreo tungkol sa inirerekomendang bayad na tulong pinansyal at kailangang pumirma sa Tier 2 Waiver na magre-release sa lahat ng nakaraang mga paghahabol. Dapat na lagdaan ang Tier 2 Waiver sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng liham ng abiso at ibalik ito:

   a. Personal: VTA Community Outreach Field Office, matatagpuan sa 1091 S. Capitol Avenue, San Jose, bukas kapag Huwebes 1-4, o sa pamamagitan ng appointment.
   b. O magliham sa: VTA Government Affairs, Attn: Manolo Gonzalez-Estay, 3331 North First Street B-2, San Jose, 95134

5. Pagkatapos nito, isusumite ng VTA ang impormasyon para sa pagproseso.

6. Ipapadala ang mga bayad na Teir 1A at 1B sa tatanggap sa loob ng 10 araw ng negosyo ng aprubadong Tier 1A/1B Microgrant Assistance Application package.

7. Ipapadala ang mga bayad na Tier 2 sa tatanggap pakatapos makumpleto ng ikatlong-partidong administrador ang pagrepaso, na kasalukuyang inaasahan mas matagal kaysa sa mga bayad na Tier 1A at 1B.

# Programang Business Microgrant

Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*

**Aplikasyon sa Tier IA at Tier 1B:**

I-print o I-type:

Pangalan ng Negosyo

Ligal na Pangalan ng Negosyo (kung iba)

FEIN/Tax ID

Address ng Kalye ng Negosyo | Lungsod | Estado | Zip

Pangalan ng May-ari

Email ng May-ari | Numero ng telepono ng may-ari

Pinatutunayan ko na hindi ako nag-file ni ang negosyo ko ng paghahabol laban sa, kasalukuyang nasa litigasyon, o dati nang nasa litigasyon sa Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) may kinalaman sa Eastridge to BART Regional Connector Project ng VTA.

Pirma ng May-ari

Petsa

# Eastridge to BART Regional Connector - Business Microgrant Form ng Waiver at Release ng Tier 1A

Ako si ______________________________, sa ngalan ng aking sarili at ng aking negosyo na

______________________________ (ang “Negosyo”), kapalit ng paglahok sa Santa Clara Valley Transportation Authority (“VTA”) Business Microgrant Program (BMG) at pagtanggap ng anumang bayad sa ilalim nito kabilang ang Tier I na bayad na $5,000, ay sa pamamagitan nito ay nakikipagkompromiso, nakikipag-areglo, nagpapalaya, nagwawaksi, nagpapawalang-sala, at sumusuko sa anuman at lahat ng nakaraan at kasalukuyang mga paghahabol, demanda, pagkalugi, pinsala, karapatan, remedyo, o mga sanhi ng aksyon para sa personal na pinsala, kompensatoryong danyos, pinsala sa ari-arian, pagkaantala at pagkagambala sa negosyo, at anuman at lahat ng iba pang pinsala, pagkalugi, gastos, at mga bayarin kabilang ang bayad sa mga abogado at eksperto, maging ito man ay batay sa tort, inverse condemnation, kontrata, Government Code ng California, o iba pang mga teyorya ng pagbawi, laban sa VTA, sa Lungsod ng San José, at sa kani-kanilang mga miyembro ng lupon, miyembro ng konseho, opisyal, empleyado, consultant, administrador, ahente, abogado, mga naunang kinatawan, at mga kahalili sa interes, at kani-kanilang mga tagapagmana at itinalagang kinatawan, na nagmumula o sa anumang paraan ay may kaugnayan sa Eastridge to BART Regional Connector Transit Project ng VTA (ang “Waiver at Release”).

Kung naniniwala ako na nakaranas ako ng pinsalang higit sa $5,000, maaari pa rin akong lumahok sa Business Microgrant Tier II kung kwalipikado ang aking negosyo, at nauunawaan ko na ang anumang bayad na matatanggap ng aking negosyo ay hindi lalampas sa karagdagang $45,000 at maaaring mas mababa pa kaysa sa halagang aking hinihiling. Sa pagpirma sa Waiver at Release na ito, tatanggapin ko nang walang anumang kondisyon ang pinal na desisyon ng VTA tungkol sa aking aplikasyon sa Tier II.

Ang Waiver at Release na ito ay hindi nalalapat sa mga paghahabol na lilitaw matapos ang petsa ng aking pagpirma sa Waiver at Release na ito o ang petsa kung kailan ang anumang bayad sa ilalim ng Tier II ay ipinadala o naihatid sa Negosyo, alinman ang mas huli.  Gayunpaman, hanggang sa punto na ang Negosyo ay tumanggap ng anumang bayad mula sa BMG, sumasang-ayon ang Negosyo na ang unang $5,000) ng anumang bayad ay ituturing na kredito sa anumang posibleng paghahabol sa hinaharap.

Pinatutunayan at ginagarantiyahan ko na mayroon akong kapangyarihang kumatawan at magbigkis sa Negosyo kaugnay ng Waiver at Release na ito.

Lagda: ______________________________

Naka-print na Pangalan: ______________________________

Titulo: ______________________________

Pangalan ng Negosyo: ______________________________

Petsa: ______________________________

# Eastridge to BART Regional Connector - Business Microgrant Form ng Waiver at Release ng Tier 1B

Ako si ______________________________, sa ngalan ng aking sarili at ng aking negosyo na

______________________________ (ang "Negosyo"), kapalit ng paglahok sa Santa Clara Valley Transportation Authority ("VTA") Business Microgrant Program (BMG) at pagtanggap ng anumang bayad sa ilalim nito kabilang ang Tier I na bayad na $3,500, ay sa pamamagitan nito ay nakikipagkompromiso, nakikipag-areglo, nagpapalaya, nagwawaksi, nagpapawalang-sala, at sumusuko sa anuman at lahat ng nakaraan at kasalukuyang mga paghahabol, demanda, pagkalugi, pinsala, karapatan, remedyo, o mga sanhi ng aksyon para sa personal na pinsala, kompensatoryong danyos, pinsala sa ari-arian, pagkaantala at pagkagambala sa negosyo, at anuman at lahat ng iba pang pinsala, pagkalugi, gastos, at mga bayarin kabilang ang bayad sa mga abogado at eksperto, maging ito man ay batay sa tort, inverse condemnation, kontrata, Government Code ng California, o iba pang mga teyorya ng pagbawi, laban sa VTA, sa Lungsod ng San José, at sa kani-kanilang mga miyembro ng lupon, miyembro ng konseho, opisyal, empleyado, consultant, administrador, ahente, abogado, mga naunang kinatawan, at mga kahalili sa interes, at kani-kanilang mga tagapagmana at itinalagang kinatawan, na nagmumula o sa anumang paraan ay may kaugnayan sa Eastridge to BART Regional Connector Transit Project ng VTA (ang "Waiver at Release").

Pinatutunayan at ginagarantiyahan ko na mayroon akong kapangyarihang kumatawan at magbigkis sa Negosyo kaugnay ng Waiver at Release na ito.

Lagda:

______________________________

Naka-print na Pangalan:

______________________________

Titulo:

______________________________

Pangalan ng Negosyo:

______________________________

Petsa:

______________________________

# Programang Business Microgrant

**Aplikasyon sa Tier 2:**

I-print o I-type:

Halaga ng hiniling na bayad: $ ____________________ Nag-apply rin para sa Tier IA? Oo ☐ ☐ Hindi

Pangalan ng Negosyo

Ligal na Pangalan ng Negosyo (kung iba)

FEIN/Tax ID

Address ng Kalye ng Negosyo | Lungsod | Estado | Zip

Pangalan ng May-ari

Email ng May-ari | Numero ng telepono ng may-ari

Pinatutunayan ko na hindi ako nag-file ni ang negosyo ko ng paghahabol laban sa, kasalukuyang nasa litigasyon, o dati nang nasa litigasyon sa Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) may kinalaman sa Eastridge to BART Regional Connector Project ng VTA. Nauunawaan ko na kung kuwalipikado ang negosyo ko sa programang ito, anumang bayad na matatanggap ng aking negosyo ay hindi lalampas sa $50,000 at **maaaring mas mababa pa sa hiniling na halagang bayad na binanggit sa itaas.**

Pirma ng May-ari

Petsa

# Eastridge to BART Regional Connector Business Microgrant - Form ng Waiver at Release ng Tier 2

Ako si ______________________________, sa ngalan ng aking sarili at ng aking negosyo na

______________________________ (ang “Negosyo”), kapalit ng paglahok sa Business Microgrant Program ng Santa Clara Valley Transportation Authority, sa pamamagitan nito ay nakikipagkompromiso, nakikipag-areglo, nagpapalaya, nagwawaksi, nagpapawalang-sala, at sumusuko sa anuman at lahat ng nakaraan at kasalukuyang mga paghahabol, demanda, pagkalugi, pinsala, karapatan, remedyo, o mga sanhi ng aksyon para sa personal na pinsala, kompensatoryong danyos, pinsala sa ari-arian, pagkaantala at pagkagambala sa negosyo, at anuman at lahat ng iba pang pinsala, pagkalugi, gastos, at mga bayarin kabilang ang bayad sa mga abogado at eksperto, maging ito man ay batay sa tort, inverse condemnation, kontrata, Government Code ng California, o iba pang mga teyorya ng pagbawi, laban sa VTA, sa Lungsod ng San José, at sa kani-kanilang mga miyembro ng lupon, miyembro ng konseho, opisyal, empleyado, consultant, administrador, ahente, abogado, mga naunang kinatawan, at mga kahalili sa interes, at kani-kanilang mga tagapagmana at itinalagang kinatawan, na nagmumula o sa anumang paraan ay may kaugnayan sa Eastridge to BART Regional Connector Transit Project ng VTA (ang “Waiver at Release”).

Sa pagpirma sa Waiver at Release na ito, tatanggapin ko nang walang anumang kuwalipikasyon ang pinal na desisyon ng Special Administrator tungkol sa aking aplikasyon sa Tier 2.

Itong Waiver at Release ay <u>hindi</u> nalalapat sa mga paghahabol na bumabangon pagkatapos ng petsa na inaatas ko ang Waiver at Release na ito. Gayunpaman, hanggang sa punto na ang Negosyo ay tumanggap ng anumang bayad mula sa BMG, sumasang-ayon ang Negosyo na ang unang $5,000 ng anumang bayad ay ituturing na kredito sa anumang posibleng paghahabol sa hinaharap.

Pinatutunayan at ginagarantiyahan ko na mayroon akong kapangyarihang kumatawan at magbigkis sa Negosyo kaugnay ng Waiver at Release na ito.

Lagda:

______________________________

Naka-print na Pangalan:

______________________________

Titulo:

______________________________

Pangalan ng Negosyo:

______________________________

Petsa:

______________________________

# Programang Business Microgrant Deklarasyon ng Pagiging-karapat-dapat

Ako si ______________________________, sa ngalan ng sarili ko at ng aking negosyo

______________________________ (ang "Negosyo"), matatagpuan sa

______________________________, San Jose, California, 95 ________,

diniklara na ang Negosyo ay kuwalipikado bilang "Maliit na Negosyo" para sa layuning makibahagi sa Business Microgrant Program ng Santa Clara Valley Transportation Authority ("VTA"). Lalo na, dinideklara ko na mayroong tatlumpo o mas kaunti pang empleyado ang Negosyo.

- Dinideklara ko na nakakatugon ang aking negosyo sa sumusunod na batayan:
- Tier 1A: Matatagpuan sa loob ng 100 talampakan ng mabigat na konstruksyon
- Tier 1B: Matatagpuan sa labas ng 100, ngunit sa loob ng 1200 talampakan ng mabigat na konstruksyon
- May di-kukulangin sa 35 empleyado
- Ang taunang kita ay hindi lalampas sa $2.5 milyon
- Dapat na pinatatakbo na ang mga negosyo nang di-kukulangin sa 12 buwan bago ang Setyembre 2024 nang pasimulan ang mabigat na konstruksyon
- Dapat na may aktibong lisensya ang negosyo na naka-file sa Lungsod ng San Jose
- Tier 2: Matatagpuan sa loob ng 100 talampakan ng mabigat na konstruksyon at naglaan ng karagdagang sumusuportang mga dokumento

Higit ko pang dinideklara na ako ay lampas nang labingwalong taong gulang (18) at na ako ay awtorisadong kinatawan ng negosyo.

Dinideklara ko sa ilalim ng parusang perjury (pagsisinungaling sa sinumpaang salaysay) sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California ang mga nakasaad ay totoo at tumpak at nilagdaan ko ang Affidavit ng Pagiging Karapat-dapat

______________________ sa ______________________, California.

[Petsa] [Lungsod]

Lagda:

______________________________

Naka-print na Pangalan:

______________________________

Titulo:

______________________________

Pangalan ng Negosyo:

______________________________

Pagpapatunay ng Notaryo:

______________________________




Santa Clara Valley Transportation Authority
3331 North First Street
San Jose, CA 95134-1906
(408) 321-2300

Valley Transportation Authority

vta.org